International Journal of Research Studies in Education
2022 Volume 11 Number 10, 89-100

Sipat-suri sa isyung panlipunan at teoryang pampanitikan sa mga pelikulang Filipino

Portillo, Garry ✉
Leyte Normal University, Philippines (portillogarry.lnu@gmal.com)

Received: 20 February 2022
Revised: 25 March 2022
Accepted: 7 April 2022
Available Online: 15 April 2022
DOI: 10.5861/ijrse.2022.827

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

This study attempted to examine deeply the social issues and literary theories inherent in Filipino film towards the development of a proposed model of film analysis. The study used qualitative design with a content analysis methodology to provide in-depth analysis. The respondents of the study were 15 BSED-Filipino major students from Leyte Normal University. They have watched the four selected Filipino films applying analysis sheet in scrutinizing the films. The study showed that the Filipino films tackled significant social issues that discuss about poverty, faith, heroism, ignorance and luxury. It was portrayed in the movies the positive attitude and disposition amid tragedy, poverty, despair and grappling for hope. The social issues found in the movies mirrored the current situations which awakened the aspirations of the movie casts. The theories of humanism, realism, romanticism and socialism were related to the events, attitudes and aspirations of the characters in each film. These films instilled cognizance, faith, trust and hope among viewers. The movies are helpful tool in teaching values education or on student resilience. A model of Filipino film analysis is recommended to be used by teachers and students in the subject of Filipino in Literary Criticism, Popular Culture, Film Society and Short Stories. The film review model will be used as a motivational tool and processing of information and literary concepts and writing skills.

Keywords: analysis, film, movie, social issues, theory of literature

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

Sipat-suri sa isyung panlipunan at teoryang pampanitikan sa mga pelikulang Filipino

1. Introduksiyon

Ang pelikulang Pilipino ay ang pinakabatang uri ng sining sa Pilipinas at isang popular na uri ng libangan. Isa rin ito sa mga pinagkukunan ng trabaho ng maraming Pilipino. Kumikita ito ng mahigit isang bilyong piso taon-taon. Kung pakaiisipin ay hindi lamang gusto ng mga Pilipino ang mga pelikula, napalapit na rin ito sa kanilang mga puso. Ang panonood ng pelikula ay ginagawang libangan ng mga pamilya, magkakaibigan, at ng mga magsing-irog. Ito rin ay nagsisilbing panahon ng kanilang pagkakabuklod-buklod. Ang pelikula ay kilala bilang pinilakan tabing sa isang larangan na inaangkop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng libangan. Ang mga pangyayaring ipinapakita ay nagtataglay ng mga simbolismo na maaring mag-iwan ng panibagong kahulugan o mensahe sa mga manonood. Masisilayan ang mga isyung panlipunan na kabalikat ng ating kasaysayan, kadalasang tinutukoy nito ang mga usapin hinggil sa kahirapan, korapsyon, droga, kamangmangan, katiwalian, pang-aabuso, kawalan ng pag-asa, hindi pantay na hustisya, kalamidad at iba't ibang anyo ng pag-ibig.

Masisilayan ang mga isyung panlipunan na kabalikat ng ating kasaysayan, kadalasang tinutukoy nito ang mga usapin hinggil sa kahirapan, korapsyon, droga, kamangmangan, katiwalian, pang-aabuso, kawalan ng pag-asa, hindi pantay na hustisya, kalamidad at iba't ibang anyo ng pag-ibig. Ang mga pelikula ay kayang makisabay sa daloy ng panahon. Sa tulong ng mga alagad ng sining at manunulat, ang mga kuwentong unang narinig at nabasa ay maaari nang masilayan sa mas mataas at makulay na antas ng sining—ang Filipino Indie Film. Hindi nakikitaan ng mga kompanya ng sapat na kita ang mga ganitong uri ng pelikula, kaya't mas naglalabas sila ng puhunan at panahon sa mga pelikulang bibilhin ng tao. Nang dahil dito ay napilitan ang mga kritikal na mga manunulat at direktor na lumipat sa "indie". Dito mas malaya nilang naipapahayag ang mga nais nilang lumabas sa kanilang obra. Mas maliit na kompanya, at mas maliit na pera ang nilalabas sa ganitong uri ng pelikula, kaya't mas nakakapag-eksperimento ang mga direktor, at manunulat pagdating sa tema ng kanilang mga pelikula – ngunit mas maliit ang awdyens na naaabot ng mga ganitong uri ng pelikula. Sa "indie" umusbong ang mga direktor na sina; Erik Matti, Lav Diaz, Kidlat Tahimik, Brillante Mendoza, at ang mga estudyanteng filmmakers (Jara, 2018).

Isang hamon sa pelikula ngayon ang pagkawala ng tatak nito bilang isang pilipinong anyo ng midya. Kung tutuusin, marupok na ang konsepto ng Pilipino bilang lahi sa ating mga pelikula. Kung ikukumpara sa ibang bansa, mahahalata mo kung ang napapanood mo ay pelikulang mula sa India o bansang Arabo. Napupuno na ng mga artistang tisoy at tisay na tumatalakay sa mga temang kanluranin. Ang mga naratibong pampelikula at telebisyon ay nagmumukhang bersiyon ng mga bagay na napanood na sa banyagang midya. Malakas ang pagtangkilik ng mga Pilipino sa pelikulang banyaga, partikular ang Amerikano, bahagi marahil ng colonial mentality. Madalas nauuwi sa paghanga ang nasabing pagtangkilik sa mga pelikula (Lacunio, 2007).

Sa isang artikulo, inilahad ni Barcelona (2002) na aminado na talagang naghihingalo ang industriya ng pelikula hindi lamang dahil sa walang habas na pagbubuwis dito ng gobyerno, kundi maging sa kawalang pagpapahalaga at edukasyon ng mismong nasa burukrasya sa kahalagahan ng pelikulang Pilipino (mas popular sa tawag na pelikulang Tagalog). Ang mga independent films ang tumatayong alternatibo sa mainstream. Dahil ginagawa ang mga pelikulang ito ng hindi sumasailalim sa mga production companies tulad ng Viva Films o Star Cinema, maliit ang pondo para produksyon nito. Ang mismong direktor ang naghahanap ng maaaring pagkuhaan ng pondo para sa kanyang pelikula. Ngunit maliit man ang nakalap na pondo, hitik na hitik naman sa maka-sining na paggawa ang mga independent films. Mas malaya ang isang direktor na bumuo ng isang pelikula na hindi iniisip kung papatok ito sa takilya at kikita ng marami para sa mga kompanya. Ang independent films ang siyang larangan ng mga eksperimental at makabagong paraan ng paglilikha ng mga pelikula (Cruz at Mariano, 2018).

Lumabas sa pag-aaral ni Gonzales (2018) pinahahalagahan ng indie film ang magagandang kaasalan sa

kapakanan ng mga manonood na sa kabila ng kakulangan ng badyet at may kabagalan ang daloy ng kwento, makikita ang kabuluhan ng mga pelikula kabilang dito kaysa sa mga pelikulang Filipinong Mainstream. Sa kabila ng pagpapalabas ng mga Pelikulang Mainstream ay nakakaligtaan ang mga kagandahang asal na dapat maipakita ng mga manonood sa kanilang pelikula.

Sa pagpasok ng makabagong panahon, at ang lahat ay mas abala na kaysa dati, nawalan ng panahon ang Pilipino na manood ng mga pelikula. Dahil pagod sa kani-kaniyang mga gawain, mula sa trabaho o eskwela, tila pilit tinakasan ng mga manood ang pelikulang nagsasalamin ng katotohanan at mas tinangkilik ang mga pelikulang komersyal, at nagbebenta ng aliw, ngunit walang masyadong dalang aral sa tao. Dahil dito ay nawalan ng posisyon ang mga sosyo-politikal na mga pelikula sa *mainstream cinema* (Jara, 2018).

Sa isang pulong na kanyang dinaluhan, sinabi ni Leo Martinez, mismong ang taga-Film Development Council of the Philippines (FDCP) - natatanging konsehong nalikha sa panahon ni dating pangulong Joseph "Erap" Estrada na isa ring aktor at prodyuser ng pelikula, ang humarang sa pagsabatas ng pagpapababa ng buwis na ipinapataw sa paglikha at pagpapalabas ng pelikula. Aminado naman sila na maaaring may kapabayaan din sa panig ng mga aktor, tagalikha at tagapagpalabas ng pelikula - sa panig ng mga aktor, direktor, manunulat (scriptwriter), at prodyuser ang hindi mabisang paglalabas ng isang makabuluhang kuwentong pampelikulang maaaring tangkilikin ng madla sa kabilang banda, at ang pagpapatung-patong ng singil naman ng mga may-ari ng sinehan bunga nga ng napakataas na buwis (Hogan, 2011).

Isang anyo ng sining at tanyag na anyo ng mga libangan, at pati na rin negosyo. Nililikha ang pelikula sa hangarin pumukaw at mag-iwan ng aral sa manonod. Ito'y magsisilbing gabay sa pang-araw-araw na gawain na maaaring mangyari sa totoong buhay. Nagtataglay ang isang pelikula ng mga teoryang pampanitikan na maaring makita sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri sa tulong ng mga gabay. Ito ay inihanda at pinag-aralan ng may-akda na may hangaring maiparating ang tunay na layunin at ang nais nitong ipakita sa manonood.

Ang panitikan ay isang produkto. Ito ay likha ng panahon at kasaysayan, kultura, ideolohiya, lipunan at kapaligiran. Sa pananaw na sosyolohikal, ang akda ay hindi nagmula sa kawalan. Ang mga pananaw at saloobin ng mga karakter ay hinubog ng mga pangyayari. Ang akda ay sinusuri sa konteksto ng iba't ibang institusyon sa lipunan at ang kaugnayan nito sa indibidwal. Ipinapahayag ng akda ang mga saloobin, mithiin, at pangarap na hango sa galaw ng panahon. May kaisipang inihahatid sa mambabasa na naglalarawan sa pilosopiyang taglay ng akda. Tumutugon sa tungkulin ng panitikan na imulat ang lipunan sa mga katotohanan at kagalingang panlipunan. Ang panitikan ay may mabuti at kapakipakinabangang idudulot sa lipunan at ang lipunan ay kailangang tumugon sa mga sitwasyon o kalagayang hinihingi ng pagbabago upang maiangat ang tao (Burke, 2011).

Ang pag-aaral na ito ay ginabayan din ng Socio-Cultural Theory (SCT). Ang teoryang ito ay isang makabagong pananaw sa lipunan kung paano nalilinang ang pamayanan sa pamamagitan ng pakikilahok ng mga tao sa mga pang-araw araw na gawain. Ito ay sangay ng sikolohiya na nagtatalakay sa mga ambag ng mga tao upang malinang ang kultura ng isang lipunan sa pamamagitan ng interaksyon ng tao at ang kanyang lipunan na ginagalawan. Ang socio-cultural theory ay isang gabay sa pagdisenyo ng mga kagamitang panturo (Smith, 2001; Welk, 2006) lalong lalo na sa pagsasanay ng mga kakayahan ng mga estudyante. Ito ay ginagamit sa mga pag-aaral at pagpaplano ng mga gawaing pagtuturo at pagkatuto ng wika at kasanayan sa iba't ibang asignatura at kurso sa kolehiyo.

Ayon kay Johnson at Golombek (2003) and SCT ay isang pamamaraan ng mga guro upang masilayang mabuti ang bawat paglinang ng mga mag-aaral sa paaralan at sa lipunang kanilang ginagalawan. Iminumungkahi nila na ang SCT bilang isang teorya na gamitin ito bilang isang kasangkapan upang maintindihan ang proseso at galaw ng pagtuturo at pagkatuto ng wika. Iminumungkahi ni Manning at Payne (2013) at SCT bilang teoryang freymwork sa pagtataguyod ng mga layunin at akademikong gawain upang lubos na mapaunlad at mapalinang ng mga guro ang kasanayang pang wika ng kanilang mga mag-aaral.

May kinalaman din ang SCT sa pagtataguyod ng mga gawaing awtentiko upang mas maintindihan at

magiging may katuturan ang pagkatuto ng wika na hango sa tunay na buhay at pamumuhay ng tao sa lipunan (Mitchell at Myles, 2004). Sa madaling sabi ang *Socio Cultural Theory* ay isang mainam na sangkap na ginagamit ng guro na nakatuon o tinitingnan ang mahalagang kontribusyon kung saan ang lipunan may malaking ginagampanan sa pagsulong ng indibidwal.

Ang mga istorya ay simple ngunit iba-iba. Sa kabila nito'y may mga pagkakatulad din sa mga kwento ang mga drama. Karaniwang umiikot ang kwento sa isang babae na mapagtatagumpayan ang maraming pagsubok sa na darating sa buhay nito. Sa madaling salita, universal ang tema. Kasama rin madalas sa mga drama kasaysayan ng Korea kung kaya naman ang mga lokasyon at costume ay kinagigiliwan din ng mga manonood (Forrester, 2005; Wang, 2006). Sapagkat ang mga palabas na galing sa Korea ay sa bansang iyon ginawa, malinaw na ipinapakita ang pagiging isang mayaman na bansa. Ayon pa kay Cervantes (2006), sa mga Koreyanong palabas ay mapapansin ang pagpapahalaga sa pamilya. Sa usapin naman ng kapangyarihan, mas matimbang ang kalalakihan kaysa sa kababaihan. Mapapansing hindi sumasagot ng pabalang o nagtataas ng boses ang mga Koreyano sa nakakatanda sa kanila. Malinaw na mataas ang pagpapahalaga sa mga mas nakatatanda. Gayunpaman, bagamat ang mga pelikulang Tsino ay tinangkilik na sa Pilipinas sa mahabang panahon, ang popularidad ng mga Tsino at Koreyanong soap opera ay tumaas lamang ng isinalin sa wikang Filipino ang mga ito. Sa pamamagitan ng pagsasalin ng wika, mas maraming Pilipino mula bata hanggang matanda ang nakaunawa sa mga Tsino at Koreyanong palabas (Cabato, 2004).

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay sumusuri sa mga piling pelikulang Filipino.

- mga isyung panlipunan;
- mga teoryang pampanitikan nakapaloob sa bawat pelikulang Filipino

2. Metodolohiya

Ang pamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptiv-kwalitativ na nasa anyong pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* upang mabigyan ng kahulugan at malalim na pagsusuri sa iba't ibang dimensyon at pagpapahalaga o aral ng mga piling pelikulang Filipino. Nilayon sa pag-aaral na ito na mapag-alaman kung ano ang isyung panlipunan ang binibigyan-pansin sa mga pelikula at mga teoryang pampanitikan na pinahalagahan o nangibabaw ayon sa mga sa mga pelikula. Ang pagsusuri sa mga eksena at dayalogo ay ayon sa mga simbolismo na pinahiwatig at nakita mula sa mga isyung panlipunan na ipinakita o pinag-usapan sa pelikulang napanood. Iniugnay ang iba't ibang simbolismo at usaping nangibabaw sa mga isyung panlipunan sa pelikula at nakaangkla rin ang pag-aaral na ito ang iba't ibang teoryang pampanitikan na sinuri sa bawat pelikula. Binigyan ng mataas na halaga ang oras sa panonood sa mga sa mga pelikula. Malalim na pagsusuri ang inilaan ng mananaliksik sa mga naging sagot-pagsusuri ng mga respondente. Natatangi ang husay at galing sa pagsuri sa mga isyung panlipunan at teoryang pampanitikan na nakapaloob sa pelikula at implikasyon sa pagpapahalaga sa buhay ng tao sa totoong buhay.

Ang mga datos na nalikom ay pinoproseso ayon sa tema o paksang nais ipahiwatig ng mga pelikula. Ang mga magkakaparehong opinyon o ideya at ang magkasalungat ay pinapangkat upang mas madali ang pagsusuri. Ito rin ang basehan sa pagpresenta ng mga datos. Naging batayan sa pagpangkat ang pelikula at ang mga nangibabaw na isyung panlipunan at teoryang pampanitikan. Upang matiyak ang kinalabasan ng mga datos na nalikom, ginamit ang *Thematic Content Analysis.* Ito ang ginamit upang bigyang kahulugan ang mga sagot tungkol sa mga, isyung panlipunan, at teoryang pampanitikan na inilahad sa bawat pelikula. Ang mga paksang diwa ng bawat kasagutan ng mga tagatugon ay naging patnubay sa pagpangkat at gabay sa pagsusuri ng mga datos. Inisa-isa ng mananaliksik ang mga sagot ng mga tagatugon sa bawat tanong o kategorya sa isang Indie Film. Ang mga kasagutan ay pinangkat-pangkat ayon sa mga paksang-diwa at pagkahatulad ng mga sagot. Sinuri ang bawat paksang diwa at iniugnay ang mga ito sa mga teorya at literaturang sinasandalan ng pag-aaral na ito.

3. Mga resulta at diskusyon

Sinuri sa pag-aaral na ito ang apat na pelikulang Filipino ayon sa mga isyung panlipunan at mga nakapaloob na teoryang pampanitikan bilang modelo ng pagsusuri sa pelikulang Filipino. Natuklasan na ang mga pelikulang Ma' Rosa, Heneral Luna, Jose Bartolome: Guro at Ang Larawan ay may iba't ibang tinutumbok na Isyung panlipunan at mga teoryang pampanitikan

3.1 Isyung Panlipunan na Makikita sa mga Pelikula

Talahanayan 1.1

Pelikula: Ma' Rosa

ISYUNG PANLIPUNAN	SIMBOLISMO
Kahirapan ng buhay ang minsan nagtutulak sa maraming tao na gumawa ng mali.	Kahirapan
Ang bulok na sistema ng lipunan at mga tiwaling lider o pinuno ng bansa. Ipinakita ang katotohanan na laganap na mapaagsamantalang kawani ng gobyerno na ginagamit ang mga mahihinang tao.	Korupsyon
Ipinakita kung paano nakakaapekto ang droga sa bawat buhay ng mga Pilipino, maraming bata ang nawawalan ng magulang dahil ang mag ito ay nakulong at napatunayan na gumagamit at nagbebenta ng mga ilegal na droga.	Kapahamakan
May bahagi ng pelikula na kagulat-gulat na hindi mo aasahan katulad nalang ng pagbebenta ng katawan kapalit ang pera. Subalit batid ng tauhan na mali ang kanyang ginagawa pero may nagtutulak sa kanyang isipan na gawin ito para sa kanyang pamilya.	Prostiitusyon
Ipinakita sa kuwento na hindi pa rin nawawala sa ating kultura ang pagtutulungan ng bawat pamilyang Pilipino kahit anong pagsubok o problema man ang dumating. Hindi mawawala ang pagdadamayan at mangingibabaw ang pagmamahal pag dating sa pamilya.	Ang pagdadamayan ng pamilya
Ipinakita ng pelikula ang kawalang katarungang sistema o kawalan ng hustisya na nagaganap sa mahihirap na biktima hindi lang ang mga tiwaling pulis kundi ng ilegal na droga.	Kawalan ng Katarungan
Ipinakita ng mga anak ang kanilang pagmamahal sa magulang ginawa nila ang lahat-lahat ng kanilang makakaya makalikom lang ng pera na hinihingi ng mga pulis maging ito man ay kahihiyan o hindi tama sa paningin ng iba.	Pagtulong at pagmamahal sa magulang lahat ay gagawin
Inabuso ng mg pulis ng kapangyarihan para sa personal na interes na matagal na hinaing ng taong bayan ang magkaroon ng hustisya.	Katiwalian
Ginamit ang katawan sa pagkita ng pera	Kapit sa patalim
Nakasentro ang usapan ng pelikula sa paggamit at pagtutulak ng bawal na gamot o droga.	Talamak na Pagtutuklak-Paggamit sa Iinagbabawal na gamot (Shabu)
Ginawa nila ang lahat ng paraan "maareglo" lamang nila ang mga pulis at makalaya nang muli ang mag-asawa at malampasan lang ang problema.	Pakikipag-ayos
Nais ng pelikulang Ma'Rosa na makita ang isa sa malaking suliranin ng bansaang ipinagbabawal na droga (shabu)	Epekto ng Droga

Makikita sa pelikulang ito ang mga tagpo, lunan at dayalogo na may kinalaman sa isyu ng kahirapan, korupsyon, kapahamakan, prostitusyon, kawalan ng hustisya, katiwalian at kapit sa patalim na sanhi ng ilegal na droga. Ang shabu ay isang ilegal na droga na nakaka-adik at nakakasira ng buhay at pag-iisip ng tao na gumagamit nito. Ang droga ay walang pinipiling karakter na kahit sinuman ay pwedeng gumamit o magbenta at mapahamak. Bulok na sistema ng lipunan, mga tiwaling lider at epekto ng droga ang nangingbabaw na usapin. Mababatid din na kahit nakagawa ang isang tao ng kamalian ay nariyan pa rin ang pagdadamayan ng pamilya. Isang positibong isyu ay ang pagtataguyod ng pagdadamayan ng pamilya at pagmamahal sa magulang sa pamamagitan ng pagtulong. Ipinakita dito ay makatutuhanang tagpo o "Realismo" sa mga kalakaran, gawain at karanansan ng mga tao sa malaking lungsod. May mga anggulong sosyolohikal ang ipinapakita sa pelikula dahil sa kahirapan, kawalan ng respeto at hindi pagkilala sa batas at mga awtoridad.

Talahanayan 1.2

Pelikula: Heneral Luna

ISYUNG PANLIPUNAN	SIMBOLISMO
Noon hanggang ngayon ay nangyayari pa rin ang pagsisiraan sa pagitan ng mga Pilipino lalo na sa ating gobyerno. Kung sa pelikula ay makikitang pinatay si Heneral Luna ng kapwa Pilipino, ngayon ay wala pa ring nababago gaya nang patuloy nating nakikita sa mga balita at maging sa pulitika.	Ang kasaysayan ang may malaking papel sa kasalukuyan. Pilipino ang nagpapahirap at pumapatay sa kapwa Filipino
Noon hanggang ngayon ay nangyayari pa rin ang pagsisiraan sa pagitan ng mga Pilipino lalo na sa ating gobyerno. Kung sa pelikula ay makikitang pinatay si Heneral Luna ng kapwa Pilipino, ngayon ay wala pa ring nababago gaya nang patuloy nating nakikita sa mga balita at maging sa pulitika.	Inggit sa kapwa Paninirang puri
Isa sa mga katangian ng pelikula na nais ipabatid sa manunuod ay ang pagiging isang tunay na Pilipino sa puso maging sa gawa. Makikita dito ang nasyonalismo ni Heneral Luna dahil sa hangad niyang bumuo ng isang matatag na bansa.	Makabayan (Tunay na Pilipino na may pagmamahal sa bayan) Nasyonalismo
Kitang-kita ang kasakiman sa kapangyarihan ng mga nasa itaas na namumuno. Maliban dito, isang kanser din sa lipunan ang pag traydor ng mga kawal kay Heneral Luna, ngunit isa din itong patunay na kapag ang mga Pilipino ay tinatapakan, natututong lumaban.	Kasakiman at Pagtataksil
Dahil tayo ay nasakop ng mga Espanyol, isang dominanteng imahe or tradisyon and kanilang naiwan sa ispiritwal na aspeto. Kitang kita ang mga simbahan at ang pananalampalataya ng mga Pilipino. Nauso na rin noong unang panahon ang mga ating-ating na binigay kay Heneral Luna. Isa pang patunay sa ispiritwal na aspeto ay ang pagdadasal ng ina ni Heneral Luna sa simbahan noong siya's namatay.	May pananalig sa Diyos
Sa intelektuwal na aspeto ng mga Pilipino, hindi basta basta naiisahan ang mga Pilipino dahil sa kanilang pagka-rasyunal. Isang halibawa na makikita sa pelikula ay ang pagtitipon ng mga miyembro ng gabinete kung sumasangayon ba sila kay Heneral Luna sa pagkat sa tingin nila isa siyang diktador.	Kagalingan at Katalinuhan
Nag-iwan ng epekto ang bawat eksena sa pelikula upang mapanindigan ang mga simbolong isinabuhay ng nasabing obra at makapaghatid ng mensahe sa mga manonood.	Disiplina, Respeto at Pagkakaisa
Ipinapakita na noon paman ay sadyang marumi at magulo ang politika at kapangyarihan. Nakakatakot na kung ikaw ang nakaka angat ay ikaw ang ibabagsak o mas kilalang crab mentality. Makikita rin na ang kawalan ng disiplina at prinsipyo na noon pa man ay hadlang na sa pag-unlad at higit lalo na ang pagiging makasarili.	Maruming at madugong pulitika Sariling Kapakanan ang inuuna Na nagreresulta ng kaguluhan.
Iminulat nito ang isipan sa kahalagahan ng prinsipyo at paninindigan at ipaglaban kung ano ang tama at naayon.	Pagkakaroon ng Kapangyarian pamunuan ang bansa
Hindi man direktang ipinakita ay tila palaisipan ang matagal nang isyu na si Presidente Emilio Aguinaldo rin ang nagpapatay kay Heneral Luna gaya nang nangyari kay Andres Bonifacio. Naging tahasan din ang pagsasalaysay ng totoong kaganapan sa pagitan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Amerikano. Kahit sa pagitan ng mga miyembro ng militar o pulitika ay hindi nagkaroon ng kasunduan ang mga Pilipino sa pagdedesisyon.	Ang mga Pilipino ay gahaman pagdating sa posisyon at kapangyarihan

May mga isyung panlipunan na ipinapakita sa nasabing Indie Film. Ito ay ang kasakiman at pagtataksil, pananalig sa Diyos, kagalingan at katalinuhan. Ang pagtraydor ng mga kawal laban kay Heneral Luna ay patunay ng kasakiman at pagtataksil. Namatay si Heneral Luna suot ang kanyang anting-anting. Ang anting-anting na ito ay iniuugnay sa kanilang paniniwala sa Diyos. Ipinapakita rin dito ang kagalingan at katalinuhan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng kanilang pagpaplano at ang intelektwal na diskusyon tungkol sa rebolusyon. Inilarawan ang *crab mentality* ng mga Pilipino. Sa pelikula ay makikita natin kung paano ang mga makapangyarihan ng pinuno ay maaring mali ang pagkagamit. Selos, banta sa personal na pagsulong ng mga resulta sa lumiliit na kalidad ng mga lider. Kung ang isang tao na tulad ni Heneral Luna ay lumilikha ng isang mahusay na *track recod*, gumawa ng masunurin sa batas na inuutos siya na maari lamang siya makakuha ng isang balangkas ng magbagsak sa trono mula sa mga tao. Hindi sila nakakakuha ng anumang paraan ng pag-promote, makakatanggap lamang sila ng mga banta sa buhay. Inilalarawan nito ang kahalagahan ng disiplina sa isang bayan, pagkiling sa ideya ng isang matatag na nasyon, at katangian ng mga tunay na bayaning handang ibuwis ang sariling buhay para sa ikabubuti ng buong lahing Pilipino. Nag-iwan itong katanungan sa mga manonood kung hanggang saan nga ba ang kaya nilang ibuwis para sa bayan at kung sino ang tunay na bayani

ng ating lahi? Tinuturuan ang manunuod na maging rebolusyunaryo na mayroong nag-aalab na mithiin hindi lamang sa pansariling kapakanan kundi maging sa kapwa at sa inang bayan. Pinapaunawa na ang disiplina ay hindi dapat isantabi pagkat ito ang mag-aangat sa iyo subalit sa pag-angat ay hindi kinakailangang maging hambog at ang pagiging mainitin ang ulo ay gulo lamang ang matatamo.

Talahanayan 1.3

Pelikula: Jose Bartolome: Guro

ISYUNG PANLIPUNAN	SIMBOLISMO
Ipinakita sa pelikulang ito ang kawalan ng sapat na edukasyonng mga tao. Hindi nakapag-aral o mangmang na kailangan bigyan ng kaukulang pansin at bigyang pagpapahalaga ang mga taong naghihikahos at hindi makapag-aral sa likod ng kawalan. Nang sa ganoon hindi sila maloko at gamitin ng mga politiko .	Kahirapan, kamangmangan
Saaking pagkaintindi sa "Indie film" na Jose Bartolome. Isang patunay na hindi matustusan ang kabataan na makapag-aral ay ang kawalan ng sapat na hanapbuhay o pagkakakitaan ang mga magulang.	Nakasanayaan na ang natural na buhay, Hindi sinusubok ang panibagong hakbang
Isang liblib na lugar na malayo sa pag-unlad ang Brgy. Magaspacs sapagkat hindi sila mabigyan ng pansin ng pamahalaan. Walang ginagawa ang mga lider ng pamahalaan na magkaroon ng maayos na paaralan na may gurong nagtuturo.	Kapabayaan ng namumuno, Korupsyon
Kakulangan ng guro na maghahasik ng kaalaman sa mamamayan na nagdulot ng malaking problema sa kanilang baryo sapagkat wala silang sapat na kaalaman at naging dahilan ito upang puntiryahin sila ng politiko sa kanilang kamangmangan at kahinaan.	Hindi nagtatagal ang guro sapagkat may takot at pangamba sa kalagayan nila. Walang Kaunlaran sa pagiging mangmang
Intelektwal na isyu kung saan ang mga tao sa Brgy. Magaspac ay mga mangmang o walang mga pinag-aralan ngunit nagbago ito sa tulong ng guro na si Jose Bartolome, ginamit na ang kanyang kakayahan upang maturuan ang kanyang mag-aaral na matutong magsulat, magbasa at saka makapagbilang man lang.	Katalinuhan at kagalingan Pagmamalasakit sa taong nasa laylayan
Sa pelikulang napanood, ipinakita rito ang pagkamaka'Diyos ng Brgy. Magaspac, halimbawa na nito noong tinamaan si Felix (isa sa mga mag-aaral ni Jose Bartolome) ng ligaw na bala habang siya ay gumagawa ng uling ay nagpasalmat siya sa Diyos dahil hanggang ngayon ay buhay pa rin siya.	Pagkilala at pasasalamat sa Amang Lumikha
Ang mga politiko ay hindi marunong tumupad sa kanilang mga ipinangako (tulad nalang noong eleksyon, ang mga kandidato ay nangako sa mga tao na magpapatayo sila ng silid – aralan, klinika at bibigyan ng pangkabuhayan) Subalit noong sila ay nahalal, nakakalimutan na nila ang kanilang mga pangako.	Walang Isang salita
Nagkaroon din ng diskriminasyon tulad nalang ng engkwentro ng mga taong labas at ang militar at dahil sa kanilang engkwentro naapektuhan ang mga tao sa kanilang barangay.	Kaguluhan (Walang Pagkakaisa)
Walang guro na nagtatagal sa pagtuturo sa Brgy. Magaspac. *"Napakalayo, walang signal, maraming nagkat na NPA at mahirap ang kalagayan ng mga naninirahan"*	Kawalan ng Pag-asa Kapabayaan ng Pamahalaan Pagkalugmok sa Kahirapan
Maraming mga pangako ang pulitiko sa oras ng eleksyon tulad ng magtatayo ng mga paaralan, klinika at bibigyaan ng pangkabuhayan subalit pagkatapos ng eleksyon balik lang sa dati.	Pangakong napapako kasinungalingan -Pinapaasa ang mga tao-

Ang mga positibong simbolismo na makikita sa Indie Film na ito ay katalinuhan, kagalingan, pagmamalasakit, pagkilala sa mga nakakatulong at pasasalamat. Ang mga isyung ito ay naglalarawan ng pag-asa dahil kahit malayo ay napaligiran ng kamangmangan sumisibol pa rin ang mithiin na matuto at mabago ang buhay sa pamamagitan ng pagkatuto. Ang kahirapan, kamangmangan, korupsiyon, kapabayaan, kahirapan at krisis ay mga realidad na naging hamon at inspirasyon sa mga tao at mga guro na maihaon sa kahirapan ang mga taga Baragay Magaspac sa pamamagitan ng kanilang pagyakap sa katotohanan at pangangailangan. Ibinahagi ni Jose Bartolome ang kanyang kaalaman, pinili niya na iwan ang kanyang mga mahal sa buhay at ang kanyang trabaho sa lungsod para matulungan at maturuan ang mga tao sa Brgy. Magaspac na sumulat at bumasa.

Talahanayan 1.4

Pelikula: Ang Larawan

ISYUNG PANLIPUNAN	SIMBOLISMO
Kawalan ng hanap-buhay nina Candida at Paula Tumandang dalaga ang magkapatid at umaasa lamang sila sa kanilang ibang kapatid na si Manolo at Pepang. Dahil din dito tumanggap sila ng mga	Krisis

mangungupahan sa bakanteng kwarto --- si Tony Javier. Gayunpaman, hindi ito naging hadlang upang pabayaan nila ang may sakit na ama.	
Ang obra ng sikat na pintor na si Don Lorenzo Marasigan Kahanga-hanga kung paano pangalagaan ng magkapatid na Candida at Paula ang obra ng kanilang malubhang ama sa likod ng mga tao interesado sa obrang ito. Nanatiling dalisay ang kanilang hangarin na pangalagaan ang natitira nilang tunay na yaman, bagay na dapat hangarin ng bawat tao bago ang kapangyarihan at salapi.	Pagmamahal Pagpapahalaga Paninindigan
Hindi pagbibigay ng importansya sa mga taong alagad ng sining.	Paglimot at hindi pagbibigay ng sapat na pag-alala sa mga taong may kakayahan sa sining.
Kahit anong unos sa buhay ang dumaan sa dalawang magkapatid na Candida at Paula, hindi nila kailanman ipinag-bili ang larawan sa ka-dahilanang ito ay pamana ng kanilang ama.	Pagpapahalaga Paggalang sa Kahalagahan ng bagay
Pinagkakainteresan ng lahat "ang larawan" dahil sa malaking halaga nito na maaaring makapagbago ng buhay at karangalang matatamo.	Kayamanan
Nang dahil sa bisyo ng dalawa sa apat na magkakapatid nais nilang ibenta ang mga ari-arian tulad ng bahay at paghatian ang mga kagamitang naroon, subalit hindi sang-ayon sina Paula at Candida.	Makasarili (iniisip lang ang sarili)
Ipinakita sa larawan ang isang lalaki na kinakarga ang isang bata sa kanyang likod. Ngunit ang lalaki at ang batang iyon ay iisang tao lamang, yun ay ang sarili ni Don Lorenzo na ang kanyang ipinapakahulugan ay kinakarga niya ang kanyang sarili. Siya mismo ang tumutulong at nagbubuhat sa kanyang sarili sa mga pagsubok at kahirapan.	Pagkatao ni Don Lorenzo

Ang mga isyung panlipunan na makikita sa pelikula ang yaman at pagkamakasarili. Ang kayamanan ay sanhi ng kasakiman, kalungkutan at dahilan ng gulo sa isang pamilya o pamayanan. Ang istorya ng pelikula ay ginanap noong panahon ng maraming pagbabago. Ang patuloy na pagkapit sa tradisyon ay naging hamon para sa mga tauhan. Nariyan ang kasanayan ng pagdadaos ng mga pagtitipon tuwing kinahapunan, ang arkitektura ng mataas na bahay, at ang relihiyosong prusisyon ng poong La Naval. Ang mga ito'y nasa bingit na mapalitan sa pagpasok ng Bodabil, elektrisidad, at ang digmaang nagbabadyang wasakin at baguhin ang nakasanayan. Ang pagkatao ni Don Lorenzo ay sinisimbolo sa isang larawan na karga niya ang kanyang sarili sa anyo ng isang sanggol. Ang ibig sabihin nito ay karga ni Don Lorenzo ang kanyang sarili. Ipinapakita rin sa pelikulang ito ang pagkamagiliw sa panauhin ng mga Pilipino kilala ang mga Pilipino sa katangiang ito na mararanasan ng mga panauhin sa pagdiriwang ng pista at iba pang mahahalagang okasyon katulad ng binyag kasal o pagdiriwang ng kaarawan.

3.2 Mga Teoryang Pampanitikan na Makikita sa mga Pelikula

Talahanayan 2.1

Pelikula Ma' Rosa

TEORYA	KAHULUGAN
Realismo	Ipinapakita sa pelikula na gusto nitong ipahayag o buksan ang mata at isipan ng mga manood na kung ano talaga toong nangyayari sa ating lipunan sa kasalukuyan.
	Maraming kumakapit sa patalim at napipilitan na dungisan ang pagkatao para lamang makaraos at mabuhay sa mundong puno ng kasinungalingan at kahirapan.
Sosyolohikal	Alam na nating mali pero may mga bagay na nagtutulak sa atin na gawin natin ito sa hindi maipaliwanag na kadahilanan. Iniisip natin ang halaga ng tao o pamilya kapalit ang puri o dignidad.
Eksistenyalismo	Layunin ng mga anak ni Ma' Rosa ang pakikipag-uganayan at sumunod sa hinihingi ng mga pulis at ang tanging mahalaga ay ang kapakanan ng pamilya. Lahat ay gagawin kahit alam na masama para sa magulang.

Ang mga teoryang Realismo at Sosyolohikal ang nakikita sa pelikulang Ma' Rosa. Ang kahirapan at mga kaganapan sa malalaking siyudad ay isang realidad na kadalasang inilalarawan sa mga Indie Film. Ang droga at kriminalidad sa pelikula ay nagmumulat sa kamalayan ng bawat Pilipino upang ang bawat indibidwal, pamilya, komunidad at lokal na pamahalaan ay maging mulat sa katotohanan. Ang sosyolohikal ay teoryang naglalarawan

sa kaganapan ng mga komunidad kung saan ang mga tao ay nakikipag-ugnayan sa isa't isa upang mabuhay. Sa pelikulang ito, ang mga tauhan ay kadalasang kumakapit sa patalim dahil may mga tao na sadyang sakim at mapagsamantala. Ang kahinaan ng isa ay magiging lakas ng ibang tao. Sa teoryang Eksistenyalismo ay mas binibigyan ng pansin ang kilos at ang katwiran kaysa sa iba pang kaisipan. Napilitan ang pamilya Reyes na makipag-areglo hindi nila inisip kung ano ang maging kahihinatnat at saan sila kukuha ng pera na hinihingi ng mga tiwaling pulis. Ang inisip nalang nila ay makalabas ang ama. Napilitan silang magbenta ng mga gamit, manghiram ng pera at higit sa lahat ang kumapit sa patalim tulad ng pagpapagamit ng katawan kapalit ang pera.

Talahanayan 2.2

Pelikula: Heneral Luna

TEORYA	KAHULUGAN
Historikal (Bayograpikal)	Inilahad sa pelikula ang pangyayari sa kasaysayan na nag-udyok sa awtor na lumikha.
Romantisismo	Pag-ibig sa inang bayan ang bansang Pilipinas.
Humanismo	Sa humanismo ang pananaw nakasentro sa tao.
Sosyolohikal	Ito ay likha ng panahon at kasaysayan, kultura, ideolohiya, lipunan at kapaligiran.

Ang historikal o bayograpikal na anggulo ay kitang kita sa pelikulang ito dahil hango ito sa tunay na buhay at pangyayari. Sa historical na pananaw, ang mga pangyayari, usapan, sitwasyon ay mahusay na sinuri na parang dokumentong historikal. Ang mga tauhan at pangyayari sa teksto ay kinikilala ng mga kaganapan sa isang tiyak na panahon. Ayon ito sa mga dokumento at salaysay ng mga taong naging saksi sa kabayanihan ng mga Pilipino. Ang Romantisismo ay ipinapakita sa pamamagitan ng dugo't pawis ang inialay para sa pagmamahal at kasarinlan ng bansang Pilipinas. Nakahandang ibuwis ang buhay para sa pagmamahal at kalayaan ng Pilipinas. Ang Humanismo ay nakitang pangunahing teorya na sumasalamin sa mga karanasan at kaisipan ng mga tauhan sa pelikula. Kinikilala ang tao bilang panukatan ng maraming bagay at pangayayari. Inilalarawan kung paano ang tao ay nakikibaka sa buhay at mga karanasan sa mundo. Itinatanghal ang kalagayan ng tao bilang isang individwal. Ang tao ay ginagamit na batayan sa pagkilala sa pangkalawakan. Ang pagkakaroon ng indibidwal na pananaw sa buhay at malayang ekspresyon ng kakayahang intelektwal ng tao ang higit ng mahalaga. Sa pananaw na sosyolohikal, ang akda ay hindi nagmula sa kawalan. Ang mga pananaw at saloobin ng mga karakter ay hinubog ng mga pangyayari. Ang akda ay sinusuri sa konteksto ng iba't ibang institusyon sa lipunan at ang kaugnayan nito sa indibidwal. Ang pelikulang ito ay nakatuon sa tao at ang kanyang mga mithiin, kalayaan at kasarinlan. Makikita rin dito ang mga sosyolohikal na dimension dahil nakapaloob dito ang panahon at pamayanan na nag-uugnay sa mga indibidwal na may iisang mithiin.

Talahanayan 2.3

Pelikula: Jose Bartolome: Guro

TEORYA	KAHULUGAN
Sosyolohikal	Nakasentro ang pelikula sa kalagayan ng Brgy. Magaspac.
Romantisismo	Pag-ibig sa bayan.
Realismo	Ang pelikula ay tinalakay sa suliranin sa Pilipinas na hindi sapat ang sahod ng mga guro at nars at ito ang pinag-ugatan kung bakit ang ilan ay nangingibang bansa.
Eksistensyalismo	Ang realidad ay ang nagaganap na karamihan sa mga guro ay napipilitang magtrabaho sa ibang bansa kahit gusto nilang manatili sa Pilipinas dahil sa hirap ng buhay at hindi sapat ang sahod para sa pangangailangan ng pamilya.
Naturalismo	Ito ay ekspresyon ng buhay at lipunang taglay ang mga pangit at madilim na realidad.

Ang mga ito ay maibubuod sa teoryang sosyolohikal at realismo dahil ang mga tao sa isang lipunan na malayo sa kabihasnan, puno ng kahirapan at kamangmangan ay naging daan upang mabago ang kanilang kinabukasan na puno ng pag-asa. Ipinakita rito ang ugnayan ng guro sa pagganap ng kanilang tungkulin sa pagtuturo sa mamamayan na itinuring mangmang sa kaalaman. At inilarawan ang iba't ibang karanasan ng mga tao at paniniwaalaan nakabatay sa kultura at tradisyon kung saan malaki ang ginagampanan ng tao sa lipunan at malaki ang kinalaman ng kultura at tradisyon sa pagsulong at pagharap sa kaunlaran. Makikita ang

Romantisismo sa kanilang pangarap na mangibang bansa bilang guro at nars ay biglang naglaho ng mangibabaw ang pag-ibig sa mamamayan ng Brgy. Magaspac at ang pagmamahaal sa bayan. Nangibabaw ang tinitibok ng damdamin kaysa sa inaasam ng isip na makapunta sa ibang bansa. Sa huling bahagi ng pelikula ang pananatili at paglilingkod sa bayan ang nangibabaw sa desisyon ni Jose Bartolome at Salve. Inilalantad ang mga katotohanan sa pamamagitan ng mga mapanghamong pangyayari. At nang dahil sa tunay na pag-ibig ni Salve kay Bartolome natuto siyang magparaya sa kanyang pangarap, sa inaasam na pagtulong sa pagtuturo ni Bartolome sa mamamayan ng Brgy. Magaspac. Ang Eksistensyalismo ay makikita sa pananagutan ng tao ang kanyang sarili sa anumang desisyon at kahihinatnat sa buhay at walang kaugnayan ang kapaligiran at minanang katangian sa kanyang hangarin at pagkilos. Ang naturalismo ay makikita sa pelikung Jose Bartolome dahil ang guro ang paksa ay nakatuon kahirapan, kamangmangan, kawalang pag-asa, mababang pagtingin sa buhay, mga taong tiwalag sa lipunan (pulitiko) at may negatibong damdamin at pagkilala sa sarili.

Talahanayan 2.4

Pelikula: Ang Larawan

TEORYA	KAHULUGAN
Imahismo	Ang kalinawan ng isang larawan (portrait) ay naipapahayag sa pamamagitan ng mga tiyak na imaheng biswal na ginawa ni Don Lorenzo.
Historikal	May mga bahagi ng pelikula na may kaugnayan sa kasaysayan.
Sikolohikal	May dahilan at may sinasagisag ang bawat kilos o gawi ng tao, paraan ng pagsasalita at daloy ng pag-iisip.
Moralismo	Pangingibabaw ng kahalagahan ng isang bagay na likha ng mahalaga ang tao sa kanilang buhay.

Isang imahe ang naging puno at dulo ng pelikulang ito. Maraming kahulugan at mensahe ang ipinapapahiwatig ng larawan na may kaugnayan sa mga buhay at kaisipan ng mga tauhan. Maraming nais ipahayag ang larawan na ginamitan ng mga eksaktong paglalarawan at pagbibigay anyo sa mga ideya. Ito ay may kaugnayan din sa kasaysayan dahil ito ay nangyayari sa makasaysayang Intramuros, Manila.

Ang mga teoryang sikolohikal at moralistiko ay inilalarawan din sa mga kaganapan ng nasabing Indie Film. Ang kamalayan tungkol sa estado ng buhay na ayon sa ari-arian at pera ay balakid sa mga relasyon ng mga kasapi ng pamilya at lipunan. May pinagmulan at dahilan ang bawat bagay o pangyayari. Ipinakita ang panlabas na katangian ng mga tauhan sa pelikula at iniugnay nito sa katatagan ng kanilang pagkatao at desisyon. Kahit maraming silang mahirap na pinagdaanan hindi nila ito ipinagbili para lang sa pera sapagkat nangibabaw sa kanila ang kabutihan, katatagan at kalinisan ng puso at pagkatao sa harap ng mga pagsubok at kahinaan sa buhay.

4. Konklusyon at rekomendasyon

Napatunayan sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang mga pelikula na ito ay may mga mahahalagang isyung panlipunan na nagtatalakay tungkol sa kahirapan, pananampalataya, kabayanihan, kamangmangan at karangyaan. Ipinapakita sa mga pelikula ang mga positibong ugali at disposisyon ng tao sa gitna ng trahedya, kahirapan at kawalan ng pag-asa. Inilarawan sa mga isyung panlipunan ang nakapaloob sa isipan at damdamin ng isang indibidwal. Ang mga teoryang humanismo, romantisismo at sosyalismo ay may kaugnayan sa mga pangyayari, saloobin at mithiin ng mga tauhan na bawat pelikula.

Ang mga pelikulang ito ay nagpapatibay ng kamalayan, pananampalataya, tiwala at pag-asa sa bawat manunood. Angkop ang mga ito bilang kagamitan sa pagtuturo ng balyus o pagpapahalaga at katatagan ng bawat mag-aaral. Ang mga isyung punlipunan na nakapaloob sa bawat indie Film ay may malaking papel na ginagampanan sa mga manonood upang maikintal sa kanilang isipan ang imahe na maaaring maidulot sa kanilang pagkatao o buhay. Tulad ng krimen, droga, pagkakaroon ng pananampalataya, kabayanihan, paggawa ng kabutihan o kasamaan, kamangmangan, at karangyaan. Ang mga ito ay ilan lamang na maaaring bigyang

halaga sa kasalukuyang panahon sapagkat batid natin ang kalagayan ng mga kabataan sa ngayon at may malaking kinalaman sa mga usapin at mga nangyayari sa lipunan

Ang mga pelikula ay instrumento o gabay sa mga kabataan. Ang mga pangyayaring ipinakikita sa pelikula ay magsisilbing patnubay sa landas na kanilang tatahakin. Ang mga magulang at guro ang magsisilbing ilaw sa pagbibigay daan sa katotohanan tungo sa kabutihan para sa kabataan. Nasa kabataan na ang desisyon kung anong landas ang kanilang tatahakin.

Ang mga teoryang pampanitikan ay bahagi ng pag-aaral sa pamumuna at pagsusuri ng pelikula. Nangangailangan ito ng malaganap at malawakang panonood sa ikagaganda ng pagsusuri. Ang mga teorya ay nagiging gabay sa ikagaganda ng isang malalim at masiyasat na pagsusuri. Mas napapatingkad ang ganda ng kwento kung pinag-aaralan ang mga teoryang nagbigay turing sa mga tagpo o pangyayari sa pelikula.

4.1 Mga Rekomendasyon

Ayon sa mga natuklasan ay nabuo ang ang sumusunod na mga rekomendasyon:

1. Ang mga pelikulang Filipino ay gamitin bilang kagamitang pagganyak at pagpoproseso ng mga impormasyon at konseptong pampanitikan at kasanayan sa pagsusulat.
2. Ang mga isyung panlipunan na makikita sa pelikula ay kailangan bigyan ng pansin ng manood sapagkat ito ay nag-iiwan ng mensahe at kakintalan sa ating buhay sa mga pagsubok na kinkaharap ng isang ordinaryong mamamayan.
3. Ang mga guro ay kailangang gamitin ang mga pelikulang Filpino bilang kagamitan sa pagtuturo ng panitikan at wika sa pamamagitan ng pagsusuri sa pelikula.
4. Ang modelo ng pagsusuri ng pelikula ay inirekomenda na gamitin ng mga guro sa mga asignaturang Filipino sa kolehiyo upang mapahalagahan, maintindihan ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang isyu at teoryang napaloob sa pelikula.
5. Ang sumusunod na paksa at pamagat ay iminumungkahing gamitin sa mga pag-aaral sa hinaharap:
   5.1 Mga Piling Pelikulang Filipino bilang Kagamitang Pagganyak sa Pagtuturo;
   5.2 Mga Isyung Panlipunan na Napapaloob sa mga Praymtaym Teleserye;
   5.3 Mga Isyung Panlipunan sa mga Piling Kontempraryong Tula;

5. Sanggunian

Barcelona, N. (2007). *Namamatay na nga ba ng pelikulang Pilipino*. http://directtothepoint.motime.com/Sari saringsinengpinoy.com

Burke, K. (2011). Literature as Equipment for Living. *Critical Theory Since Plato.* Harcourt Brace Jovanovich, New York.

Cabato, J. U. (2004). *A partial ethnography of Asian soap opera viewers of Meteor Garden, Lavender, and Endless Love* (Masteral dissertation, University of the Philippines.

Cervantes, M. F. C. V. (2006). *A comparative study on the Filipino telenovela Sa Piling Mo and the koreanovela My Girl*. (Undergraduate dissertation, University of the Philippines).

Cruz, J., & Mariano, P.J. (2018). INDIE FILMS: Kasarinlan sa Kumbensyunal. Retrieved from http://www.matanglawin.bebto.com/isyu05/kilatista_indie.Html

Forrester, C. (2005, May/June). Hot drama and convergence boost Korean broadcast market. *IBE: International Broadcast Engineer*, 16-18.

Gonzales, L. P. (2018). *Pagtataya sa mga Pagpapahalagang Pangkatauhan na nakapaloob sa mga Piling Pelikulang Filipinong Indie at Mainstream*. Di-nailathalang tesis. Lungsod Tacloban: Leyte Normal

University.

Hogan, P. C. (2011). Understanding Indian Movies: Culture, Cognition, and Cinematic Imagination.

Jara, R. G. (2018). *Sosya-Politikal na Aspeto ng Pelikulang Pilipino*. Retrieved from https://www.academia.edu./30472404/Sosyo-Politikal_na_Aspetong_Pelikulang_Pilipino

Johnson, K. E., & Golombek, P. R. (2003). "Seeing" teacher learning. *TESOL Quarterly, 37*, 729-737.

Lacunio, N. (2002). *Ang Pelikula bilang aklat pangkasaysayan sa panahon ng globalisasyon sa kulturang popular.* Retrieved from http://www.oocities.org/elvinelvinelvin/pelikula.html

Manning, B. H., & Payne, B. D. (2013). A Vygotskian-based theory of teacher cognition: Toward the acquisition of mental reflection and self-regulation. *Teaching and Teacher Education, 9*, 361-371.

Mitchell, R., & Myles, F. (2014). *Second language learning theories*. (2nd ed.). New York: Hodder Arnold.

Smith, J. (2011). Modeling the social construction of knowledge in ELT teacher education. *ELT Journal, 55*, 221-227.

Wang, K. (2006, December 11). Move over, telenovelas: Korean dramas are next. *Television Week, 25*(46), 14.